

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Lungsod ang lokal na mga tagapagtaguyod ng accessibility bilang mga winner ng 2021 Accessibility Awards

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2021) – Kahapon, sa [National AccessAbility Week](#), inanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang mga winner ng 2021 Accessibility Awards nito. Ang mga indibidwal at ang mga organisasyon na kinilala ay nagpamalas ng commitment sa accessibility at pagpapasali sa mga taong may kapansanan, at nagsisikap para makinabang ang komunidad ng Brampton.

Ang sumusunod na mga nagtataguyod sa accessibility ay kinilala sa araw na ito sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ng Brampton:

Michelle McLeod – kategorya ng Miyembro ng Komunidad

Tumutulong si Michele sa mga kliyente na magkaroon ng mga skill sa paglilibang, sa libreng oras at sa buhay para makahulugang makapasok sa komunidad at makatulong sa mga kliyente na magiging independiyente. Itinataguyod niya ang mga ito at nilalayon na pagandahin ang kalidad ng kanilang buhay. Kinikilala si Michelle sa pagpigil at pagtanggap ng mga balakid; pag-accommodate sa mga taong may kapansanan; pagbibigay ng suporta sa pangengempleo para sa mga taong may kapansanan; pagbibigay ng natatanging customer service; at pagbibigay ng tulong sa independiyenteng pamumuhay.

Kerry's Place Autism Services – Samahan ng Komunidad para sa kategorya ng Not-For-Profit

Ang Kerry's Place Autism Services ay patuloy na pinahuhusay ang mga serbisyo nito at sumusuporta sa komunidad ng Brampton, lalo na sa pagpokus sa pagdagdag ng kamalayan sa mga nadayagnos na may Autism Spectrum Disorder, kabilang ang pagtanggap sa mga balakid tulad ng paglahok sa mga setting na panlibangan. Sa buong pandemya ng COVID-19, pinagsama-sama ng Kerry's Place ang maraming akomodasyon para mapanatili ang paglahok ng komunidad sa ligtas at makahulugang paraan. Kiniilala sila dahil sa pagpigil at pagtanggap ng mga balakid; pag-accommodate sa mga taong may kapansanan; pagkilos bilang isang accessibility ambassador; pagbibigay ng suporta sa trabaho para sa mga taong may kapansanan; pagbibigay ng natatanging customer service; at pagbibigay ng tulong sa mga namumuhay nang mag-isa.

CSR Wealth Management – kategorya sa Negosyo sa Brampton

Si Frank Gasper ay isang pampinansyal na tagapayo na nag-specialize sa Registered Disability Savings Plans (RDSPs). Kinilala dahil sa pagtanggap sa mga taong may kapansanan at pagbibigay ng natatangi, accessible na customer service. Naglingkod siya sa mraming tao, nagdaos ng mga sesyon para dalhin ang kamalayan, at nagsisikap para mabigyan ng mas magandang oportunidad ang mga taong may kapansanan ng mas magandang pagkakataon sa pamamagitan ng pagtatalaga sa kanyang sarili na magtrabaho kasama ang bawat indibidwal para likhain at ipasadya ang isang profile na amgtitiyak ng magiging pinansyal na metatag sa hinaharap.

EMBRACE – Accessibility Program/Kategorya sa Inisyatiba

Itinatag ni Michelle Buckland ang EMBRACE noong 2010 na naglabas sa pinakamahusay na magagawa ng mga tao upang matanggap nila ang kanilang mga kakayahan at mga talento at hikayatin ang mga ito na abutin ang kanilang mga mithiin sa pamamagitan ng personal at propesyonal na pag-unlad, integrasyon, accessibility, at may epektong mga pagsasalita. Devoted si Michelle sa pagiging isang

ambassador at advocate, at ang kanyang kasabihan ay “Ang tanging mga limitasyon na meron tayo sa buong buhay na pagkatuto ay ang mga limitasyon na may malay na itinatakda natin.” Kinikilala si Michelle dahil sa pagpigil at pagtanggap ng mga balakid; pag-accommodate sa mga taong may kapansanan; at pagbibigay ng suporta sa pangengempleado para sa mga taong may kapansanan.

Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagtukoy sa mga oportunidad para dagdagan ang accessibility at malakas na pakiramdam ng pagka-nabibilang para sa lahat ng diverse na komunidad. Itinatag noong 2018, ang Accessibility Awards ay nagha-highlight sa mga tagumpay at mga kontribusyon na nagawa ng mga tagapagtaguyod ng accessibility na pumipigil at nagtatanggal sa mga balakid, nag-a-accommodate sa mga taong may kapansanan, kumikilos bilang accessibility ambassador, nagbibigay ng suporta sa pangengempleado para sa mga taong may kapansanan, nagbibigay ng natatanging accessible na customer service, nagbibigay ng tulong para sa pamumuhay nang mag-isa at, bago sa taon na ito, para sa mga programa o inisyatibang accessible.

Ang Lungsod at ang [Accessibility Advisory Committee nito ay](#) committed sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at mga kakayahan ay mag-enjoy sa kaparehong mga pagkakataon habang sila ay namumuhay, nagtatrabaho, bumibisita at namumuhunan sa Brampton. Para sa karagdagang impormasyon sa accessibility ng Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca.

Para sa karagdagang impormasyon sa Accessibility Awards at upang matuto pa tungkol sa mga winner, bisitahin ang www.brampton.ca.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at dedicated ang Lungsod sa pagdagdag ng accessibility at malakas na pakiramdam na nabibilang para sa lahat ng diverse na komunidad natin. Salamat sa mga winner ng 2021 Accessibility Award na naglingkod bilang mga tagapagtaguyod sa accessibility sa Brampton, at salamat sa mga residente na kumilala sa ating mga pagsisikap sa pamamagitan ng pagnomina sa kanila. Kinakailangan ang buong komunidad para magawang nagsasali sa lahat ang ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

Bilang kasapi ng Accessibility Advisory Committees ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel. Patuloy kong ipinagmamalaki ang trabaho na ginagawa ng mga Bramptonian sa ating komunidad para gawing mas accessible at nagsasali sa lahat. Ang mga award winner na ito ay mga nagtataguyod sa diversity at ang kanilang trabaho ay gumagawa ng kaibahan sa ating lungsod. Sa patuloy na pagtutulungan, magagawa nating accessible ang Brampton para sa lahat ng taong may kapansanan.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Lungsod ng Brampton; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Rehiyon ng Peel*

“Sa Lungsod ng Brampton, dedicated tayo sa pagdagdag ng Prayoridad sa Termino ng Konseho: ang Brampton ay isang Mosaic, at sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at abilidad ay mag-enjoy sa kaparehong mga pagkakataon. Salamat sa mga nanalo sa 2021 Accessibility Award na tumutulong sa atin na madagdagan ang accessibility sa Brampton. Sa National AccessAbility Week na ito, ipinagmamalaki ng Lungsod na kilalanin ang mga tao, mga negosyo at mga samahan na committed sa accessibility at pagpapasali sa mga taong may mga kapansanan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca